

PAHAYAGAN NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
PINAPATNUBAYAN NG
MARXISMO-LENINISMO-MAOISMO




ANG Bayan

Tomo XXX Bilang 7

Nobyembre 2000

Editoryal

Patatagin at ibayong palawakin ang pagkakaisa ng mamamayan upang ibagsak ang rehimeng US-Estrada!



Nangangatog ang tuhod ni Estrada sa takot na masipa mula sa kanyang luklukan. Niyayanig ang kan- yang poder ng tuluy-tuloy at sunud-sunod na mga kilos-protesta sa buong bansa at ng patuloy na pagdausdos ng ekonomyang dumaranas ng malalim na krisis. Pinakawalan ni Estrada ang koordinadong kampanya ng panlilinlang, pananakot, panunuhol at pang-iintriga sa desperadong pagtatangkang buwagin ang nagkakaisang hanay ng mamayang nagmamartsa at nagpuprotesta. Subalit tiyak na mabibigo ang lahat ng ito sa pagpigil sa lalong pagtatastag at paglawak ng pagkakaisa ng mamamayan. Lalong nagiging malinaw sa higit na nakararami na upang tanggalin si Estrada, kinakailangang umasa

NILALAMAN

- 1 **Editoryal:** Patatagin at ibayong palawakin ang pagkakaisa ng mamamayan upang ibagsak ang rehimeng US-Estrada
- 5 Malawakan at mapangahas na mga protesta, inilunsad
- 7 **Ka Roger:** Si Estrada at kanyang mga kasapakat ay lehitimong target ng mga espesyal na operasyon ng BHB
- 8 Krimen at korupsyon sa mismong ulo ng estadong neokolonyal
- 10 Hinggil sa taktikal na alyansa sa mga reaksyunaryong anti-Estrada at ang hungkag na retorikong "Kaliwa" ni Lagman
- 12 Itaguyod ang mga karapatan at kagalingan ng mga kawani ng gubyerno!
- 14 Halalan sa pagkapangulo sa US: Walang magbabago sa imberyalismong US
- 15 Pagpapaigting ng anti-imperialistang pakikibaka sa Korea
- 16 Balita

PANAWAGAN

Ang Lupong Patnugot ng **Ang Bayan** ay nag-aanyaya sa mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga komentario at mungkahili, mga balita o mga rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan.

Maaaring makuha ang pinakahuling isyu ng **Ang Bayan** sa internet. Magtungo sa

<http://angbayan.cjb.net> o
http://redrival.com/ang_bayan/index.htm

Tatanggap din ng mga liham sa

editors@angbayan.cjb.net.

pangunahin sa tuluy-tuloy na pagpapaigting at pagpapalawak ng mga protesta hanggang ang Malakanyang ay palibutan ng milyong mamamayang determinadong wakasan ang paghahari ng luho, katiwalian, kabulukan at karahasan ni Estrada.

Lalong sumisidhi ang krisis sa pulitika ng naghaharing sistema. Dulot ng patuloy na pagmamatigas ni Estrada na manatili sa poder, lalong nagiging mahirap lutasin ang krisis sa mabilis at mahinahong paraan, tulad ng nais sana ng imberyalismong US. Habang tumatagal, lalong tumingkad ang polarisasyon at hayagang banggaan ng mga nagtutunggaling pakson ng naghaharing uri.

Tuwirang nagsalpuhan ang mga reaksyunaryong pwersang anti-Estrada at maka-Estrada sa pagsasampa ng kasong *impeachment* sa Kongreso nitong kalagitnaan ng Nobyembre. Kinatangian ito, sa isang banda, ng maramihang pagtiwalag ng mga kasapi ng partido ng Malakanyang kabilang ang mga pinuno ng Senado at Kongreso; at sa kabilang banda, ng todong pagpapagulong ng pondo at impluwensya upang maimaniobra ang pagluluklok ng bagong pamunuan sa Kongreso at Senado na papabor kay Estrada.

Paparaming organisasyon ng mga negosyante, kabilang na yaong sa mga pangunahing malalaking burgesyang kumprador katulad ng Philippine Chamber of Commerce and Industry, Bankers Association of the Philippines, Makati Business Club at mga upisyal ng Philippine Stock Exchange, ang hayagang sumama na sa kilusang anti-Estrada bukod pa sa mga asosasyon ng mga negosyante sa iba't ibang prubinsya. Kahit ang Federation of the Filipino-Chinese Chamber of Commerce Inc. na pinamumunuan ni Lucio Tan, isa sa pinakamalaking kroni, ay hindi nagawang makapanindigan para kay Estrada.

Lalong nagiging malalim ang pagiging hati ng AFP at PNP at lumalala ang dismoral sa hanay ng mga pulis at sundalo. Sinisiguro ni Estrada, Gen. Panfilo Lacson, hepe ng PNP at Gen. Angelo Reyes, hepe ng AFP, na buo ang kanilang kumand sa pulisia at militar. Minamadali ang promosyon ng kanilang mga paboritong upisyal at inaalisan sa namumunong pwesto ang mga karibal nilang upisyal o yaong hindi nila maaasahan ang buong pagsuporta, katulad ng pag-aalis sa pwesto ng 17 upisyal ng PNP sa Timog Luzon matapos na masangkot sila sa

organisasyong Reform-PNP.

Hayagan nang nagpahayag ng disgusto ang anti-Estradang paksyon sa AFP. Nagkalakas-loob na rin ang ilang mga naagrabyadong upisyal ng AFP at PNP na ilabas ang kanilang mga hinaing laban sa paboritismo nina Estrada, Lacson at Reyes. Inilantad rin ang pagkaimbwelto sa pangingidnap at iligal na droga gayundin ang mga paglabag sa karapatang-tao ng dating Presidential Anti-Crime Commission na pinamunuan noon nina Estrada at Lacson.


Sa desperasyon ni Estrada sa harap ng matinding krisis pampulitika, lalo itong nagpapakanlong sa pamilyang Marcos, kay Eduardo “Danding” Cojuangco at Lucio Tan. Nagbuo si Cojuangco at Tan ng P10-bilyong pondong panuhol sa mga pulitiko, laluna ang mga senador na maghuhusga sa kasong *impeachment*, pambayad sa mga hinahakot sa mga rali, mga tao sa midya at pampinansya sa kampanyang propagandang maka-Estrada. Bilang kabayaran, niratsada ni Estrada ang pagpapatibay ng Executive Order 313 na titiyak na maibubulsa ni Cojuangco ang pondong *coco levy* at ang kanyang mga sapi sa San Miguel Corporation sa kabilang pagtutol ng milyun-milyong maliliit na magniniyog. Sa pamamagitan ng pagbabantang aalisin nito ang kanilang suporta, iginigiit din ng mga Marcos kay Estrada ang mas maraming konesyon laluna kaugnay ng mabilis na pagbawi sa kanilang nakaw na yaman.

Tuluy-tuloy ang pagsadsad ng ekonomya. Sumirit na sa P95.545 bilyon ang depisito sa badyet ng gubyerno noong Oktubre, lagpas kahit sa binagong target na P90 bilyon para sa taong 2000. Upang panatilihing istable ang halaga ng piso laban sa dolyar, bilyun-bilyong dolyar ang ibinebenta ng BSP sa pamilihan na nagresulta sa pagbawas nang \$500 milyon sa reserbang dolyar nito sa loob lamang ng isang buwan. Tinataya ng malalaking negosyante na lalo pang dadausdos ang ekonomya sa darating na taon. Upang muling magsagawa ng mga hakbang na artipisyal na magpapasikad ng ekonomya, naghahanda ang gubyerno na manghiram ng \$3.5 bilyon sa susunod na taon.

Isinasagawa ngayon ni Estrada at ng kanyang pinakamasugid na alipures ang isang opensiba sa propaganda na may layuning biguin ang malapad na anti-

Estradang kilusang protesta pati na ang paglilitis laban sa kanya sa senado.

Sa tulong ng mga kakampi niyang senador, sisikapin ni Estrada na patagalin ang proseso ng *impeachment* sa hangaring maupos ang mga protesta sa lansangan, ayusin ang eleksyon sa darating na taon at gayo'y patagalin pa ang kanyang paghahari. Todo ang laga ng propaganda na nananawagan na “pabayaan muna ang proseso ng paglilitis, itigil ang protesta” sa hangaring pigilan ang bwelo ng protesta at bigyang-daan ang pagpapawalang-sala sa kanya ng Senado. Kung tutuusin, sapat-sapat ang bilang ng mga senador na maka-Estrada upang makalusot siya sa *impeachment*. Gayunman, hindi ito madaling maisasagasa sa rumaragasang protestang anti-Estrada.



Tinatarget ng mga estratehista ng Malakanyang na basagin ang pagkakaisa ng malapad na nagkakaisang prenteng anti-Estrada. Ineempleyo ni Estrada ang taktika ng anti-komunistang pananakot upang mag-alangan ang mga reaksyunaryong anti-Estrada na makipagkoordina sa mga militanteng organisasyon ng batayang masa na binabansagang mga “komunista”. Sa kabilang panig, binabansagan din niyang “elitista” ang mga protesta sa pag-aakalang mahahadlangan niya ang pakikipagtulungan ng mga militanteng pwersa sa mga reaksyunaryong anti-Estrada. Nagsisilbi rin sa layuning ito ang islogan ng kontra-rebolusyonaryong pangkat ni Filemon Lagman para sa pagbibitiw ng lahat ng upisyal ng gubyerno na naghahangad na ilayo kay Estrada ang prinsipal na target ng protesta.

Walang-tigil ngayon ang pamunuan ng PNP at AFP sa pagkakalat ng disinformasyon tungkol sa diumano'y planong panggugulo ng BHB sa mga demonstrasyon. Gayundin, inianunsyo nila na minamanmanan nila ang mga rali at ang pamamahayag dito ng mamamayan at sinabing nakahanda silang magsampa ng mga kasong “sedisyon” sa sinumang mapatutunayang nananawagan para sa pagpapabagsak ng gubyernong Estrada. Lahat ng ito ay may layuning takutin ang malawak na mamamayan upang di lumahok sa mga mapayapang demonstrasyon. Nililikha nila ang senaryo ng malawak na kaguluhan. Nakahanda rin silang magtanim ng mga mananabotahe at mga

ahenteng-probokador upang manggulo sa mga protesta at bigyang-katwiran ang paggamit ng pasistang makinarya upang buwagin ang mga demonstrasyon at hulihin ang mga lider ng mga militanteng organisasyon.

Maaaring gumampan ng espesyal na papel dito ang pangkat ni Lagman na sa ngalan ng “insureksyunismo” ay magsasagawa ng panununog ng bus, pangwawasak ng mga ari-arian, asasinasyon at iba pa.

Ang “prayer rally” na inorganisa ng El Shaddai-Iglesia ni Cristo noong Nobyembre 11 na gumamit ng pampublikong pondo at pwersahang pagpapadalo ay naglayong kontrahin ang rali sa EDSA noong Nobyembre 4 at takpan ng belo ng kabanalan ang korupsyon at kabalukan ng gubyernong Estrada. Upang maipakitang may malawak na suporta pa si Estrada, ginagamit niya ang kanyang poder at kontrol sa pondo upang tiyakin ang katapatan ng mga pulitiko, laluna ang mga lokal na burukrata.

Anumang hakbang na isagawa ni Estrada upang patagalin pa ang sarili sa poder ay mabibigo sa harap ng patuloy na lumalakas na agos ng protesta sa lansangan. Bawat saglit na magmatigas si Estrada na manatili sa poder ay nagbibigay ng pagkakataon sa mamamayan na lalo pang palakasin ang kanilang paglaban.


Ang pagpapabagsak kay Estrada ay pangunahing nakasalalay sa papalaki at papaigting na mga aksyon ng masa. Maging ang posibilidad na ang paglilitis sa senado ng kasong impeachment ay tumungo sa pagtatanggal kay Estrada ay nakasalalay, pangunahan, sa lakas ng mga protestang masa at pagsigaw ng mamamayan para sa pagpapatalsik kay Estrada.

Ang malapad na nagkakaisang prenteng anti-Estrada ay kinakailangang patatagin at lalo pang palawakin laluna sa harap ng mga pagtatangkang buwagin ito.

Kinakailangang pagtuunan ng pansiñ ng mga pambansa-demokratikong pwersa ang paglulunsad ng papalaking mga aksyon ng masa. Importanteng bigyang-pansiñ ang paglulunsad ng mga militanteng pagkilos ng masa katulad ng mga welgang manggagawa, walk-out at mga demonstrasyon sa mga paaralan, upisina,

komunidad at iba pa. Kailangang tiyakin na ang mga ito ay sinusuportahan ng iba’t ibang mga pwersa sa malapad na nagkakaisang prente o sa minimum ay hindi ito aktibong tinututulan.

Habang pinakikilos ang mamamayan, pangunahan, sa panawagang ibagsak o patalsikin si Estrada, kinakailangang tuluy-tuloy na magsagawa ng pagpopropaganda at paglilinaw hinggil sa pambansa-demokratikong pakikibaka. Kinakailangang mahusay na ikumbina ang mga pamamaraan ng pawalis at solidong propaganda.



Ang tagumpay sa pakikibaka laban sa gubyernong Estrada ay masusukat sa pagbubuo ng malawak na nagkakaisang prenteng anti-Estrada, sa pagkilos ng milyong mamamayan sa lansangan at sa aktwal na pagpapatalsik kay Estrada. Ngunit higit dito, relatibo sa usapin ng kabuuang pagsusulong ng pambansa-demokratikong rebolusyon, masusukat ang tagumpay sa pakikibakang anti-Estrada sa kantidad at kalidad ng natipong lakas ng mamamayan sa pagsusulong ng rebolusyonaryong pakikibaka: sa pagbubuo ng bago o pagpapalawak ng dati nang nakatayong mga organisasyong masa, sa dami ng bagong mga aktibistang masa at mga kasapi ng Partido, sa paglawak ng impluwensya ng mga rebolusyonaryong pwersa sa mas malawak na seksyon ng mamamayan at sa higit na mas mataas na antas ng militansa at kapasyahan ng mamamayan na ipaglaban ang kanilang pambansa at demokratikong interes.

Katulad ng isinaad sa pahayag ng KTKS noong Oktubre 14, kinakailangang lalong paigtingin ng BHB ang pagsusulong ng armadong pakikibaka sa pamamagitan ng paglulunsad ng mga regular at espesyal na taktikal na opensiba. Ang mga armadong opensiba ay kailangang ilunsad bilang pagpapahayag ng matinding pagkamuhi ng mamamayan laban sa rehimeng Estrada. Kaalinsabay nito, napakahalagang tuluy-tuloy na isulong ang mga pakikibakang antipyudal sa kanayunan na nagpapakilos sa milyun-milyong masang magsasaka.

Ngayon pa ma’y sumusulong na nang malaki ang rebolusyonaryong kilusan. Tiyak ang ibayo pa nitong paglakas sa harap ng ibayong paglala ng krisis pampulitika ng naghaharing sistema. **AB**

Malawakan at mapangahas na mga aksyong protesta, inilunsad

Patuloy ang mabilis na paglawak at pagigting ng mga aksyong protesta sa buong kapuluan mula nang sumambulat ang matinding krisis pampolitika ng rehimeng Estrada na pinasisiklab ng mga katiwaliang ibinunyag ni Gob. Luis 'Chavit' Singson noong Oktubre.

Sa loob lamang ng ilang linggo, mabilis na lumawak at sumaklaw sa buong bansa ang nagkakaisang prenteng anti-Estrada. Kaliwa't kanan ay nag-uusbungan ang mga organisasyon ng iba't ibang mga uri at sektor na naglulunsad rin ng kani-kanyang pagkilos bilang pakikiisa sa panawagan para sa pagbibitiw ni Estrada. Nasa gulugod ng mga ito ang mga militante at pambansa-demokratikong organisasyon na nangunasa, at nasa unahan ng, panawagan para patalsikin si Estrada at nagbigay ng lakas-loob sa iba't ibang sektor na manindigan at lumaban.

Ilan sa mga sektoral na organisasyon ang RAGE (Rise All Government Employees!) ng mga kawani ng gubyerno; GEN-X Movement ng kabataan; Code-RED (Resign Estrada *Dali!*) ng sektor pangkalusugan; at OUSTER (Organization of United Solicitors for Truth and Estrada's Resignation) ng mga abugado.

Sa isang rali, idineklara ng militanteng kabataan na bagsak ang grado ni Estrada dahil sa pagbalewala ng kanyang rehimen sa edukasyon. Inisyuhan naman ng mga abugado si Estrada ng simbolikong mandamyento de arresto, *notice of eviction* mula sa Malakanyang at *hold departure order*. Binatikos sa isang martsa ng kababaihan ang imoralidad ni Estrada at paglapastangan niya sa karapatan ng mga babae. Kinundena ng mga nagraling maralitang lunsod ang huwad na programa sa pabahay at palabas na pamimigay ni Estrada ng bahay at lupa.

Laganap sa buong bansa ang mga pagkilos ng masa sa lansangan taliwas sa ipinipilit ni Estrada na nasa Maynila lamang ang protesta. Katunayan, kahit sa mga lugar na hindi pa gaanong malakas ang organisadong hanay ng mga pambansa-demokratikong pwersa, humuhugos sa lansangan ang mamamayan at sumisigaw para sa pagwawakas ng gubyernong Estrada tanda ng laganap na galit at pagkamuhi rito.

Papalaki, papalawak at papatapang ang mga demonstrasyong anti-Estrada. Daan-daang libong mamamayan ang lumahok sa malalaking rali nitong Nobyembre 4, 14, 27-



30. Pumutok ang mga welga sa industriya, transportasyon at upisina ng gubyerno, mga boykot ng estudyante, mga martsa, rali at demonstrasyon. Dumagundong sa mga lansangan ang panawagan na palibutan ang Malakanyang ng milyong mamamayan upang pwersahing magbitiw si Estrada.

Nobyembre 24-30. Daanlibong mamamayan sa buong kapuluan ang nakiisa sa "Isang Linggo ng Protesta, Pabilisin ang Pagpapatalsik kay Estrada" na humantong sa dalawang-araw na kilos-protesta sa Mendiola nitong Nobyembre 29-30. Tampok sa aksyong masa ang "Lakbay" na inilunsad ng may 10,000 kasapi ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) at Pambansang Mamamalakaya ng Pilipinas (PAMALAKAYA) mula sa Hilaga at Gitnang Luzon, Timog Katagalugan at Bikol. Pagdating nila sa Maynila, muling namalas ang lawak ng hanay ng mga pwersang anti-Estrada sa ginawang mainit na pagsalubong ng mga negosyanteng anti-Estrada sa mga nagpuprotestang anakpawis. Nagsitipon ang umabot sa 85,000 mga demonstrador sa Mendiola noong Nobyembre 29 at doo'y ipinadama ang kamilang masidhing determinasyon na alisin si Estrada sa poder sa pamamagitan ng mga talumpati, palabas pangkultura, pagsunog sa isang dambuhalang *effigy* ni Estrada na tinawag na "Erapzilla" o "halimaw na Erap" at isang 10-minutong *noise barrage* kung saan isinigaw ang "Erap resign" at "Sobra nang pahirap, patalsikin si Erap". Bukod sa KMP at PAMALAKAYA, ang rali sa Mendiola ay dinaluhan ng mga kasapi ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN),

Kilusang Mayo Uno, GABRIELA, Anakbayan, Makati Business Club, Kangkong Brigade, Kompil II, mga dating rebeldeng militar at mga anti-Estradang pulitiko at personalidad. Ang kilos-protesta ay sinuportahan ng pag-walk out ng mga estudyante sa University of the Philippines, Polytechnic University of the Philippines, Ateneo de Manila, Miriam College at iba pa. Naglunsad rin ng welga ang mga drayber na nagdulot ng hanggang 70% paralisasyon sa ilang ruta sa Kamaynilaan.


Sa isang pahayag, idineklara ni Rafael Mariano, tagapangulo ng KMP at BAYAN na ang matagumpay na kilos-protesta ay susundan ng mas malalaki pang aksyong masa sa Disyembre na maaaring humantong sa pananawagan ng *civil disobedience* o di pagsunod sa mga di makatarungang batas. Ilan dito ay ang di pagbayad ng buwis at di pagpapadala ng remitans ng mga migranteng manggagawa sa mga bangko. Nanawagan din silang iboykot ang negosyo ng mga kroni ni Estrada.

Samantala, nagdaos ng kani-kanyang kilos-protesta ang mamamayan sa iba't ibang syudad at sentrong bayan sa Pilipinas. Sa Bacolod, umabot sa 85% ng transportasyon ang paralisado. Hindi rin alintana ang bagyo, nagrali at naglunsad ng noise barrage ang may 3,000 kaanib ng BAYAN-Negros. Sa Baguio City, may 200 mamamayan ang naglunsad ng *torch march*. Isang simbolikong *eviction notice* din ang ipinaskel sa pasukan ng Voice of America compound kung saan matatagpuan ang naglalakihang mga log cabin na pagmamay-ari ni Estrada at ng kanyang mga kroni. May mga pagtitipon ding isinagawa sa Laguna, Naga City, Legaspi City, Tacloban City, Cagayan de Oro City at Davao City at iba pang lunsod ng Davao del Sur at Davao Oriental.

Nobyembre 14. Ayon sa mga di kumpletong ulat, di bababa sa 200,000 ang bilang ng mamamayan lumahok sa "Pambansang Welga ng Mamamayan" na inilunsad sa Kamaynilaan at iba't ibang dako ng Pilipinas. Nagsipaglunsad ng isang-araw na welga ang mga manggagawa at drayber, nagboykot ang mga estudyante at humugos sa lansangan ang daan-daan libong mamamayan sa tinaguriang simula ng "sigwa ng huling kwarto."

Lumahok din sa Welga ang libu-libong magsasaka at manggingisa sa kanayunan na nagkaisang magdaos ng *farm strike* sa kani-kanilang lugar.

Sa Maynila, umabot sa 80,000 ang nagrali sa Liwasang



Bonifacio at nagmartsa patungong Mendiola. Pagkagabi, libu-libo rin ang naglamay at dumalo sa konsyertong protestang tinawag na "Pamorningan sa Mendiola". Dalawampung libo naman ang nagrali sa Makati. Bukod sa mga manggagawang dumalo sa rali sa Ayala Avenue, tumampok ang pag-walk out ng mga stockbroker, na kanilang ginawa sa kauna-unahang pagkakataon.

Sa Kabisayaan, di bababa sa 56,000 ang humugos sa lansangan noong Nobyembre 14: Bacolod (32,000); Iloilo (10,000); Cebu (7,000); Roxas (4,000); Dumaguete (1,500); Tacloban (800); at Tagbilaran City (700).

Sa ibang mga lunsod at sentrong bayan ng Luzon, umabot sa 27,000 ang naglunsad ng mga rali at iba pang uri ng kolektibong pagkilos: Ilagan at ibang mga bayan sa Isabela (11,000); Bulacan (6,000); Vigan, Ilocos Sur (3,500); Baguio City (3,000); Nueva Vizcaya (2,000); Tarlac (1,000) at Nueva Ecija (300).

Sa Mindanao, 14,000 ang lumahok sa iba't ibang kilos protesta, ayon sa mga di kumpletong ulat: Butuan City (6,000); Cagayan de Oro City (3,000); Ozamis City (1,000); Dipolog City (1,000); General Santos City (1,000); Cotabato City (700). Sa Davao City, nagsara ang 60% ng mga establecimiento bilang pakikiisa sa pambansang welga ng mamamayan.

Nobyembre 4. Humigit-kumulang sa 120,000 sa buong kapuluan ang tumugon sa panawagan nina Jaime Cardinal Sin at Corazon Aquino na dumalo sa *prayer rally* sa EDSA Shrine sa Mandaluyong City at maglunsad ng iba pang anyo ng pagkilos sa kani-kanyang lugar.

Isandaang-libong mamamayan na nagtipon sa panulukan ng EDSA at Ortigas Avenue ang sumigaw ng "Erap resign!" sa harap ng muling paggiit nina Cardinal Sin at Aquino kay Estrada na kagyat nang magbitiw. Kabilang sa mga dumalo rito ang mga delegasyon mula sa mga lalawigan sa Hilaga at Gitnang Luzon at Timog Katagalugan. Umalingawngaw din sa mga lansangan, liwasan at simbahan sa iba pang mga lunsod at bayan ang panawagang magbitiw si Estrada: Bacolod (8,000); Cagayan de Oro (3,000); Pagadian (2,500); Tuguegarao (1,000); Cotabato (1,000); Baguio (300); at Cebu (100) at sa mga bayan ng Bayombong, Nueva Vizcaya (1,000); at Victoria, Laguna (200). Naglunsad rin ng mga pagkilos sa mga lunsod ng Iloilo, Dumaguete at Tacloban sa Kabisayaan; at sa mga lunsod ng Davao at General Santos sa Mindanao. **AB**

Estrada at kanyang mga kasapakat:

Target ng mga espesyal na operasyon ng BHB

Pahayag ni Gregorio Ka Roger Rosal

Tagapagsalita

Partido Komunista ng Pilipinas

18 Nobyembre 2000



Si Joseph Ejercito Estrada at ang kanyang mga kasapakat sa pandarambong, pagnanakaw at iba pang operasyong kriminal ay mga lehitimong target ng mga espesyal na operasyon ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Ang gayong mga operasyon ay ekspresyon ng malalim na poot ng mamamayang Pilipino sa kamuhi-muhing rehimeng ambag sa kanilang pakikibaka upang ibagsak ang bulok sa kaibuturang gubyernong Estrada.

Gayundin, alinsunod sa pahayag ng Komiteng Tagapagpaganap ng Komite Sentral noong Oktubre, maaaring ilunsad ng BHB sa loob at labas ng mga sonang gerilya ang sumusunod na mga aksyon laban sa mga nakalahad na target:

- Mga aksyong pagparusa sa mga negosyong pag-aari ni Lucio Tan kabilang ang Fortune Tobacco, Asia Brewery at iba pa. Maaaring targetin ang operasyong-distribusyon at mga bodega nito sa mga sonang gerilya.
- Mga aksyong pagparusa sa mga negosyo ni Eduardo “Danding” Cojuangco kabilang ang San Miguel Corporation at ang mga subsidiaryo nito. Maaari ring maglunsad ng mga espesyal na operasyon na tumatarget sa *private army* ni Cojuangco sa Negros, Tarlac at iba pang lugar. Ang *private army* ni Cojuangco ay pawang pusakal sa paglabag sa mga karapatang-tao at pandarahas sa masang magsasaka.
- Pagparusa kay Gen. Panfilo Lacson at sa mga kampon niyang sagad-sagarang mga pasistang kriminal sa pulisya at militar.
- Pagparusa sa mga kasapakat ni Estrada sa hwteng kabilang na si Charlie “Atong” Ang, Bong Pineda, Charing Magbuhos at Anton Prieto na karaniwa'y mga despotikong panginoong maylupa rin sa kanilang mga lugar.

Maaaring maglunsad rin ng mga espesyal na

operasyon laban sa Presidential Security Group at iba pang mga pusakal na yunit ng AFP laluna yaong mga may utang na dugo sa mamamayan at nagbibigay-proteksyon sa mga raket ni Estrada at mga kasapakat niya.

Ipinaaalala rin na nananatiling may-bisa ang kautusan ng Komite Sentral ng Partido para sa pagbubuo ng mga espesyal na yunit ng BHB upang arestuhin ang mga kamag-anak ng yumaong si Marcos, laluna sina Imelda at Ferdinand, Jr., pati na ang mga pangunahing alipures ng pasistang diktador. Nagkakaroon ng bagong bigat at kakagyatan ang kautusang ito matapos na kinandili ni Estrada ang mga Marcos at ipagsanggalang sila sa mamamayang sumisigaw ng katarungan para sa mga kalapastanganang idinulot ng batas militar.

Maaaring tukuyin ng mga yunit ng BHB ang iba pang mga target batay sa kaalaman na matitipon nila hinggil sa interes at iba pang operasyon ni Estrada at ng kanyang mga kasapakat sa mga sonang kinikilusan ng mga rebolusyonaryong armadong pwersa. Hinihikayat ng Partido ang mamamayan at iba pang pwersa na ipaabot sa mga yunit ng BHB ang mga makabuluhang impormasyon na makatutulong sa ikatatagumpay ng mga operasyon ng BHB.

Ang paglulunsad ng ganitong mga espesyal na operasyon ay alinsunod sa prinsipyong matagalang digmang bayan. Isinasagawa ito kaakibat ng tuluy-tuloy at lahatang-panig na pagpapaigting ng armadong pakikibaka, pagpapalakas ng mga pakikibakang antipyudal, at pagpapalawak at pagpapatatag ng rebolusyonaryong baseng masa sa kanayunan.

Naninindigan ang Partido na ang diin ng paglaban upang ibagsak si Estrada ay nasa pagkilos ng milyun-milyong mamamayan sa mga di armado, mapayapa ngunit militanteng protesta sa lansangan. Gayunpaman, kinakailangang ilunsad ng BHB ang mga espesyal na operasyon laban sa gubyernong Estrada upang lalo pang pahinain ang reaksyunaryong rehimeng at bigyang-inspirasyon at tapang ang mamamayan na ibayo pang magkaisa at lumaban. **AB**

Ang payola sa hweteng at iba pang anomalya

Krimen at korupsyon sa mismong ulo ng estadong neokolonyal


Kitang-kita sa kasalukuyan ang kabulukang likas sa reaksyunaryong estado. Dili iba't ang mismong pangulo nito ang nahaharap sa mga kaso ng katiwaliang maituturing na isa sa mga pinakaiskandaloso sa kasaysayan ng reaksyunaryong pulitika sa bansa.

Ang pagkakaimbwelto ni Estrada sa kasalukuyang iskandalo sa hweteng, bukod pa sa di mabilang na mga anomalyang kinasangkutan ng kanyang administrasyon sa halos bawat araw ng kanyang mahigit dalawang taon pa lamang na panunungkuluan, ay yumayanig ngayon sa buong naghaharing sistema sa paraang maihahambing lamang sa mga huling taon ng diktadurang Marcos.

"LORD OF ALL JUETENG LORDS." Ibinunyag ni Gob. Luis "Chavit" Singson ng Ilocos Sur, na hanggang kamakailan ay kaibigan ni Estrada at kasapakat sa mga iligal na aktibidad, na tumanggap ang presidente ng mahigit P400 milyon mula sa operasyon ng hweteng sa buong Luzon. Kaugnay nito, tumambad din sa mata ng mamamayan ang pakikinabang ng iba pang matataas na upisyal ng gubyerno, at malalapit na kaibigan ni Estrada, at ang proteksyon at pagtatakip na ginagawa ng mga ito sa sagad-sa-butong katiwalian ng reaksyunaryong pangulo.

Kabilang sa mga upisyal ng gubyernong nabunyag na kasama ng pangulong nakikinabang sa iligal na sugal sina Sen. John Osmeña at Sen. Teresa Aquino Oreta, Presidential Liaison Officer Jaime Policarpio, *presidential adviser* Anton Prieto at Mayor "Jinggoy" Estrada na anak ng presidente. Direkta namang naimbwelto ang mga kaibigan ni Estradang sina Charlie "Atong" Ang, Yolanda Ricaforte at ang abugado ng pangulo na si Edward Serapio.

PAGNANAKAW SA KABANG BAYAN. Bukod sa koleksyon sa hweteng, ibinunyag din ni Singson na nagkamal ang reaksyunaryong pangulo ng P130 milyon mula sa P200 milyon bahagi ng *tobacco excise taxes* na nakalaan para sa maliliit na magsasaka sa tabako sa Ilocos Sur.



Hindi ito ang unang pagkakataong nasangkot si Estrada sa kasong pagnanakaw sa pondo ng gubyerno. Noong nakaraang Marso, ibinunyag ng isang dating direktor ng Philippine Charity Sweepstakes Office na kumurakot ang pangulo, si Luisa Ejercito na isa sa kanyang mga asawa at si "Jinggoy" Estrada ng P430 milyon mula sa salaping nakalaan para sa kawanggawa.

Bukod pa rito ang mga iskandalong kinasangkutan ng iba't ibang upisyal ng kanyang administrasyon. Noong Hunyo 1999, lumitaw ang isyu ng maanomalyang pagbili ng Department of Interior and Local Government (DILG) at Philippine National Police (PNP) ng P16 milyon halaga ng mga posas. Setyembre ng taon ding iyon, 15 myembro ng gabinete ni Estrada ang napaturayang gumagamit ng mga mamahaling sasakyang nasamsam ng Bureau of Customs mula sa mga ismagler. Noong nakaraang Pebrero, sinampaahan naman ng kasong *graft* si dating DILG Sec. Ronaldo Puno kaugnay ng pagkansela sa

P200 milyon kontrata sa Motorola para sa mga radyong pangkomunikasyon. Buwan ng Marso, muling nakasuhan si Puno kasama si dating PNP Chief Roberto Lastimoso sa tiwaling P3.6 milyon kontrata para sa *drug test* ng mga pulis. At nito lamang Setyembre, naakusahan si DECS Sec. Andrew Gonzales ng paggamit ng P12 milyon mula sa isang donasyon upang ibili ng mamahaling mga sasakyang kanyang sarili at ilan pang upisyal ng ahensya.

TODO-TODONG PAGPAPAKASASA. Nakasusuklam ang napakamagarbo at napakamaluhong pamumuhay ni Estrada at ng kanyang mga asawa at anak sa kabilang labis na kahirapang dinaranas ng nakararaming masang anakpawis.

Sugapa sa sugal si Estrada. Ibinunyag na minsang umaabot nang P15 milyon ang pusta sa pakikipagmadyong niya sa kanyang mga kaibigan. Balewala sa kanya ang magbalato ng tig-iisang milyong piso sa kanyang matatapat na kampon. Ayon kay Singson, aabot na nang mahigit P300 milyon ang napanalunan ni Estrada sa nasabing sugal hanggang noong maputol ang kanilang pagkakaibigan.

Kamakailan, lumabas ang mga ulathingga sa halos P1 bilyon halaga ng mararangyang mansyong ipinagawa mula 1999 para sa mga asawa at anak ni Estrada na hindi kayang ipaliwanag ng P2.3 milyon lamang na kitang idineklara niya noong taong iyon. Maging ang idineklara niyang P35.8 milyong kabuuang halaga ng kanyang mga ari-arian ay napakaliit kumpara sa halaga ng mga lupa at mansyong nabanggit.

Lumabas din ang mga rekord ng 66 na mga korporasyon kung saan nakarehistro si Estrada, ang kanyang mga asawa at mga anak bilang mga may-ari ng sapi o kaya'y mga myembro ng *board of directors*. Ang P121.5 milyon kabuuang sapi nila sa mga naturang

korporasyon ay hindi maipaliwanag ng upisyal na mga deklarasyon ng mga ari-arian ni Estrada sa nakaraang 12 taon.

KAHARIAN NG MGA MATON. Marami sa mga desisyon ni Estrada kaugnay ng pagpapatakbo sa gubyerno ay nabubuo hindi sa kanyang upisyal na gabinete kundi sa tinaguriang "midnight cabinet". Kinabibilangan ito ng kanyang mga kaibigan, kainuman at kasugalan na umaani ng napakalalaking pabor dahil sa malakas na kapit nila sa Malakanyang.


Pinakamatigkad nang halimbawa ng pakikinabang ng mga kaibigan ni Estrada ang pagkabalik ni Eduardo "Danding" Cojuangco sa San Miguel Corporation at pagkakahalal nito bilang tagapangulo ng *board* ng kumpanya. Kamakailan lamang ay pinirmahan naman ni Estrada ang Executive Order 313 na inaasahang magbibigay-daan sa ganap nang pagbawi ni Cojuangco sa ninakaw nitong pondong *coco levy*.

Noong Hulyo, ibinunyag ni Perfecto Yasay, dating tagapangulo ng Securities and Exchange Commission, ang pagpresyur sa kanya ni Estrada na iabswelto si Dante Tan, kaibigan at nag-ambag ng malaki sa kandidatura niya, sa kasong pagmanipula sa presyo ng mga sapi sa BW Resources, isang kumpanyang nagpapatakbo ng mga pasugalan. Idinagdag pa ni Yasay na naka-kikbak si Estrada ng mahigit P1.8 bilyon mula sa pagkabenta ng PLDT at BW Resources sa pinaborang mga kumpanya.

Sa pakikialam din ng Malakanyang, napawalang-sala noong Agosto si Lucio Tan, isa pang kaibigan ni Estrada, sa kasong di pagbabayad ng P25 bilyon buwis.

Ang iba pang mga kroni ni Estradang nakaiimpluwensa sa takbo ng gubyerno at nakikinabang rito ay ang mga negosyanteng sina Mark Jimenez, Ramon Lee, Lucio Co, Jaime Dichavez, William Gatchalian, Eusebio Tan at Jacinto Ng; gayundin ang mga maton na sina Charlie "Atong" Ang, Congressman Luis "Baby" Asistio, Roberto Aventajado at hanggang nitong huli, si Singson.

Bwelung-bwelung rin ang pagsasamantala ng mga ►



Hinggil sa taktikal na alyansa sa mga reaksyunaryong anti-Estrada at ang hungkag na Kaliwang retoriko ni Lagman

Ang pagtaguyod ng taktikal na alyansa sa pagitan ng mga patriyotiko at demokratikong pwersa at ng mga reaksyunaryong wala sa poder laban sa rehimeng Estrada ay alinsunod sa rebolusyonaryong prinsipyong nagkakaisang prente, sa partikular, sa prinsipyong pagsasamantala sa mga hidwaan sa hanay ng mga reaksyunaryo upang ihiwalay at labanan ang reaksyunaryong nasa poder.

Ang kawastuan nito ay ipinakikita kapwa ng lawak ng pwersang kabilang sa prenteng anti-Estrada at sa kakayaan nitong magpakilos ng daan-daan libong mamamayan sa buong bansa; at sa pamamagitan ng negatibong halimbawa, ng pagkakahiwatalay ng mga Contra, laluna ang Sanlakas at BMP, na sa pagtatangkang iligaw ang mamamayan ay nanawagan ng pagbibitiw hindi lamang ni Estrada, kundi pati ni Gloria Macapagal-Arroyo, bise-presidente ng reaksyunaryong gubyerno at kabilang sa mga pwersang lumalaban kay Estrada.

Sa pakikitungo sa mga reaksyunaryong anti-Estrada, kinakailangan kapwa ang pakikipagkaisa at pakikipagtunggali. Habang kinikilalang ang kampong

Arroyo-Aquino-Ramos ay kaisa sa pakikibakang anti-Estrada, hindi itinatago ang katotohanang sa saligan sila ay reaksyunaryo katulad ni Estrada. Hindi isinusuko ang saligang interes

ng mamamayan, bagkus, lalo pa itong mahigpit na pinanghahawakan at iginiiit.

Batid ng mga rebolusyonaryong pwersa na ang pakikibakang anti-Estrada ay hindi katumbas, ngunit kaakibat ng kabuuang pagsisikap na ibagsak ang naghaharing sistema. Hindi hamak na mas simple at mabilis ang pagpapabagsak sa isang papet na nasa poder kaysa pagpapabagsak ng buong reaksyunaryong naghaharing sistema. Nakahanda ang rebolusyonaryong kilusan na labanan ang papet na rehimeng Estrada at lahat ng papet na susunod pa sa kanya, habang tuluy-tuloy na nag-iipon ng organisado at armadong lakas ►



◀ kamag-anak ni Estrada sa kapangyarihan. Noong Enero 1999 halimbawa, nabunyag ang paghiling ni Celia de Castro, pinsan ni Estrada na maglabas ng P200 milyon ang Department of Budget and Management para sa kwestyonableng pagbili ng mga libro ng DECS. Upang mapagbigyan ang kahilingan, sinuhulan ni de Castro ng P3 milyon si Budget Secretary Benjamin Diokno.

HINDI maiwasang humantong sa ganitong tindi ang pagkaagnas ng reaksyunaryong sistema. Naging presidente si Estrada sa panahon ng walang kaparis na lalim ng krisis sa ekonomya na humantong sa malubhang pagkitid ng mga rekursong mapaghahatiian at mga larangang mapatkakitaan ng

magkakaribal na paksyon sa pulitika. Limitado na ang pumapasok na pautang mula sa ibang bansa at ibayong tumutumal ang negosyo at produksyon. Kaya naman kahit mga tahasang iligal at kriminal na aktibidad ay direktang pinanghawakan ng pinakamataas na baytang ng burukrasya, pulisia at militar.

Sa ganitong kalagayan, maingay na umaalmang mga kalaban ni Estrada sa poder. Inilalantad nila ang lahat ng ebidensyang nakakalap hinggil sa pagpapakasasa ni Estrada sa kapangyarihan.

Higit na mahalaga, puspusan din ang paglalantad at pagbatikos na ginagawa ng mamamayan sa mga katiwaliang ito at sinasamantala ang iniluluwal nitong krisis sa pulitika upang higit pang palawakin at palakasin ang rebolusyonaryong kilusan. AB

hangga't sapat na ito upang ibagsak ang buong sistema. Habang pinupukaw at pinakikilos ang mamamayan upang ibagsak ang gubyernong Estrada, walang pagod ding inililinaw ang pambansa-demokratikong programa at inoorganisa at pinakikilos sila sa rebolusyonaryong landas.

Sa pagtatangkang hatiin ang pagkakaisang anti-Estrada at desperasyong pulaan ang wastong rebolusyonaryong patakaran sa nagkakaisang prente, iginigiit ni Filemon "Popoy" Lagman at ng Sanlakas-BMP, mga huwad na Kaliwang organisasyon at kilalang manggantso sa kilusang paggawa sa Maynila, na ang patakaran ng taktikal na alyansa sa mga reaksyunaryong anti-Estrada ay pagbaling sa repermismo at kolaborasyunismo. Nais nilang palabasin na ang pagkilala sa mahalagang papel ni Macapagal-Arroyo sa pakikibakang anti-Estrada ay pag-endorso sa kanya at pagsuko ng "nagsasariling linyang maka-uri".

Gayunpaman, sa kabilang kanilang retorikang nagpapanggap na mas kaliwa pa sa Kaliwa at pinaghulu-halong mga islogan, hindi maitatago ni Lagman ang kanilang sagad-sa-butong repermismo. Dahil sa katuus-tuusan, ang sinasabi nilang "totoong kahilingan ng mamamayan para sa tunay na pagbabago" ay walang kinalaman sa paglulunsad ng rebolusyonaryong pakikibaka upang ibagsak ang naghaharing sistema. Matapos mamalat sa kasisigaw para sa pagbibitiw ng mga pangunahing upisyal ng pamahalaan at para "ibagsak ang gubyerno" ang gusto lamang pala nila ay magpatawag ng dagling elekson na sa palagay ni Lagman ay siyang "mas makabuluhang pakikibaka" at paraan upang makamit ang "tunay na pagbabago".

Mabuti't maagap na inilantad at binatikos ng mga rebolusyonaryong pwersa ang iskemang ito ni Lagman. Sa pamamagitan nito, hindi lamang nabigo si Lagman na hatiin ang nagkakaisang prenteng anti-Estrada, nawalis pa ito sa gilid-gilid at nahiwalay sa agos ng protesta. Upang muling makagitna at maka-eksena, binitiwan na ng Sanlakas-BMP ang panawagan para sa pagbibitiw ni Macapagal-Arroyo at pinalitan ito ng mas nakapanlilinlang na islogang "pataliskin si Estrada ngunit hindi sapat ang pagpapatalsik lamang". Binago nang kaunti ang tono upang puntiryahin ang

mga "trapo" o mga tradisyunal na pulitiko na umano'y siyang ugat ng bulok na si t e m a n g pampolitika (na para bang si Lagman mismo ay hindi isang "trapo" na naki-sosyo sa mga burukrata sa pagbulsa ng milyun-milyong piso kapalit ng pagbebenta ng pakikibaka ng mga manggagawa at maralitang lunsod). Isang malaking repermistang ilusyon ang pag-sabing makamit ang "tunay na pagbabago" sa sistemang pampolitika" sa labas ng balangkas ng rebolusyonaryong pagpapabagsak sa naghaharing reaksyunaryong sistema.

Si Lagman at ang Sanlakas-BMP ay nagbibigay ng espesyal na serbisyo sa gubyernong Estrada sa pamamagitan ng pagtatangkang hatiin ang nagkakaisang prenteng anti-Estrada. Iwinawasiwas nila ang bandila ng pakikibakang anti-Estrada para lamang ito'y ikubli o tabunan ng iba't iba pang bandilang iwinawasiwas nila sa ngalan ng "pagpapataas at pagpapalalin" ng pakikibaka. Pinalalapad nito ang target ng galit ng mamamayan upang papurulin ang tudlo ng protesta.

Hindi dapat pahintulutan si Lagman at ang Sanlakas-BMP na walang hadlang na maghasik ng lason laban sa nagkakaisang prenteng anti-Estrada at laban sa rebolusyonaryong kilusan at sa wastong mga prinsipyo nito. Kailangang tuluy-tuloy na ilantad ang kabulukan ng pangkating Lagman at ang mga kontra-rebolusyonaryong mga prinsipyo at gawain nito. **AB**

Matapos mamalat sa kasisigaw para sa pagbibitiw ng mga pangunahing upisyal ng pamahalaan at para "ibagsak ang gubyerno" ang gusto lamang pala nila ay magpatawag ng dagling elekson na sa palagay ni Lagman ay siyang "mas makabuluhang pakikibaka" at paraan upang makamit ang "tunay na pagbabago".

Sigaw ng mga manggagawa ng pampublikong sektor:

Itaguyod ang mga karapatan at kagalingan ng mga kawani ng gubyerno!



Mariing kinundena ng mga kawani ng gubyerno ang maruruming maniobra ni Estrada at ng kanyang mga alipures upang takutin at pwersahin sila na suportahan ang kanyang kinamumuhiang rehimeng US-Estrada. Militante silang naninindigan, kakapit-bisig ang iba pang inaaping sektor ng lipunan, para sa pagpapatalsik kay Estrada at para sa kanilang mga karapatan at kagalingan.

Dumanas ng ibayong pahirap ang mga kawani dulot ng mga kontra-manggagawa at maka-imperialistang patakarang ipinatupad at isinabatas ng rehimeng US-Estrada. Pinalalala ng mga patakaran ng pleksible at murang laking-paggawa ang busabos na kalagayan ng lahat ng manggagawang Pilipino, kabilang ang mga kawani ng gubyerno. Sa pampublikong sektor, ipinatutupad ito sa pamamagitan ng programang pribatisasyon at ng walang katapusang reorganisasyon ng burukrasya na nagresulta sa malawakang tanggalan ng mga regular na kawani.

Mayroong mahigit 1.3 milyong kawani ang reaksyunaryong gubyerno ng Pilipinas. Napakahalaga para sa reaksyunaryong nasa poder ang kanilang serbisyo bilang mga guro, sundalo, pulis at mga manggagawa ng mga estratehikong institusyon. Kung kayat ang kanilang aktibong pakikipaglaban ay siguradong makapagpabilis sa pagpapabagsak sa gubyernong Estrada.

Nararapat para sa susunod na reaksyunaryong rehimeng na kagyat na tugunan ang mga kahilingan ng mga kawani kung ayaw nitong matulad sa rehimeng

Estrada. Ang sumusunod ay ilan sa kanilang mga panawagan:

SWELDO NG MGA KAWANI, DAGDAGAN NG P3,000! Mas mababa sa minimum na sahod ang aktwal na natatanggap na sweldo ng mga kawani ng gubyerno. Ibayo pang dumausdos ang tunay na halaga nito dulot ng patuloy na pagtaas ng presyo ng mga pangunahing bilihin at batayang serbisyos. Sa kabilang nito, tumanggi ang rehimeng Estrada na tugunan ang iginigiit ng mga na para sa P3,000 pagtaas ng lagi't lagi nang naaantalang sweldo. Sa halip, ininsulto ng rehimeng lumalabang mga manggagawa nang itaas ang sweldo nang hanggang 10% lamang.

Kinakailangang paglaanan sa pambansang badyet ng gubyerno ang *across the board* na pagdagdag sa sweldo ng mga kawani sa buong bansa o kung hindi ay magkaroon ng espesyal na alokasyon para rito. Sapat na ang P46.8 bilyon upang tugunan ang iginigiit ng lahat ng kawani. Wala pa sa kalahati ang naturang halaga sa alokasyon inilaan sa pagbabayad ng utang panlabas.

IGAWAD SA MGA KAWANI ANG KARAMPATANG MGA BENEPISYO! Sa pamamagitan ng Administrative Order (AO) No. 87, itinigil ni Estrada ang mga insentibong pantawid-krisis katulad ng *amelioration pay* at iba pang katulad na benepisyo ng mga kawani. Pinanatili niyang kakarampot ang natatanggap na iba pang benepisyo tulad ng *personal* at *economic relief allowance* (P1,000/buwan), *13th month pay* at *Christmas bonus*. Ipinagpatuloy din ng rehimeng Estrada ang tusong GSIS

Act of 1997 na nagpataw ng dagdag na obligasyong “kontribusyon” ng mga kawani sa institusyon sa kabilang kawalan ng signipikanteng pagbabago sa mga benepisyo. Sa katunayan, ipinagkakait pa nito ang buong *retirement benefits* sa mga kawani. Masahol pa, ginagamit ni Estrada ang pondo ng GSIS bilang pautang sa mga negosyo ng kanyang mga pinapaborang kaibigan at kroni.

Tungo rito, kailangang ibasura ang AO 87 at iregularisa ang *amelioration pay* at iba pang benepisyo sa pambansang badyet. Kailangan ding repasuhin ang mga patakaran ng GSIS at itigil ang kalakarang pagpapautang ng pondo nito sa mga pribadong kumpanya.

IBASURA ANG KONTRA-MANGGAGAWANG MGA PATAKARAN AT ITAGUYOD ANG MGA KARAPATAN NG MGA KAWANI! Pagkaupo ni Estrada, pinirmahan niya ang santambak na anti-manggagawang Executive Order (EO). Partikular na mapang-api sa mga kawani ng gobyerno ang mga EO 102, 165, 162, 191, 223, 271, at 281, na pawang pumatungkol sa pagbuwag, reorganisasyon at pribatisasyon ng buu-buong burukrasya at yumurak sa kanilang karapatan ng seguridad sa trabaho. Nandyan din ang Proclamation No. 50 ng gubyernong Aquino hinggil sa pagtanggal at pagtanggap ng mga bagong kawani sa ilalim ng programang pribatisasyon.

Nandyan din ang Proclamation No. 50 ng gubyernong Aquino hinggil sa pagtanggal at pagtanggap ng mga bagong kawani sa ilalim ng programang pribatisasyon. Sa loob ng mahigit dalawang taong panunungkulang ni Estrada, libu-libong kawani na ang sinibak ng kanyang gobyerno.

Kailangang ibasura ang mga patakaran nagbigay-laya sa reorganisasyon at pagbuwag ng mga institusyon at itaguyod ang seguridad sa trabaho ng

P9.36 bilyon:
amelioration pay (P7,200)
ng 1.3 milyong kawani

P46.8 bilyon: P3,000
across the board na
dagdag sa buwanang
sweldo ng 1.3 milyong
kawani

P56.16 bilyon:
pinagsamang halaga

P651 bilyon:

Kasalukuyang badyet
(P70-bilyong pagtaas
mula sa 1999 badyet)

P5.3 bilyon (P11/araw): inilaang badyet
para sa *salary adjustment*
(FY2000)

P4,400: minimum na
sweldo

P1,496: tunay na halaga
nito noong 1999

mga kawani sa lahat ng panahon. Gayundin, kailangang iregularisa ang kasalukuyang higit 120,000 kawaning kontraktwal at kaswal.

Ginagamit din ng reaksyunaryong gubyerno ang kawalan ng batas na nagtagatugoyod sa mga batayang karapatan para mag-unyon at magwelga upang panatilihing busabos ang kalagayan ng mga kawani at supilin ang anumang paglaban mula sa kanilang hanay. Hinahadlangan ng Civil Service Commission (CSC) at mga maneydsment ng mga pampublikong institusyon ang pag-oorganisa sa sarili ng mga kawani. Dagdag rito, tahasang nilalabag ng CSC Memorandum Circular No. 06 at Executive Order No. 180, Series of 1987 at iba pang mga batas ang mga karapatang pang-unyon ng mga kawani.

Kailangang kagyat na ipawalambisa ang mga sirkular at alintuntunin na lumalabag sa karapatan ng mga kawani ng gubyerno na magwelga at maglunsad ng iba pang kolektibong aksyon. Dagdag pa, kailangang ipasa ang batas na magtagatugoyod sa kanilang karapatang mag-unyon at magwelga.

ITIGIL ANG PRIBATISASYON NG MGA PAMPUBLIKONG KORPORASYON! Hindi alintana ng rehimeng Estrada ang malawakang tangganan ng mga manggagawa sa ilalim ng programang pribatisasyon ng reaksyunaryong gubyerno. Kabilang sa mga nabiktima na nito ang mga kawani sa Metropolitan Waterworks and Sewerage System, Petron, Philippine Airlines, Manila Hotel, National Steel Corp. at Light Railway Transit. Sa National Power Corporation (NAPOCOR), umabot na sa 2,341 empleyado ang natanggal sa serbisyo sa huling bahagi ng 1999 sa pamamagitan ng tusong Special Disengagement Program nito. Tinatayang higit 900 pang manggagawa ang masisisante matapos ang pribatisasyon ng NAPOCOR. Sa Philippine Postal System, nanganganib na mawalan ng trabaho ang 17,000 manggagawa matapos itong isapribado. Pitumpu't limang porsyento (75%) naman ng 6,000 empleyado ng National Food Authority sa buong bansa ang mawawalan ng hanapbuhay oras na ibenta sa pribadong sektor ang naturang ahensya.

Napakamapaminsala ng pribatisasyon hindi lamang sa kapakanan ng mga manggagawa kundi sa buong ekonomya ng bansa. Kailangang itigil ang programang ito kasabay ng pagpapawalambisa ►

Walang magbabago sa imperyalismong US

Ang naganap na eleksyon para sa presidente nitong Nobyembre 7 nina Al Gore (Democratic Party) at George W Bush (Republican Party) ang isa sa pinakamahihigpit sa kasaysayan ng US. Ang sarisaring mga maniobrang legal at pakanang niluluto ng magkalabang partido upang mailuklok ang kanilang kandidato sa poder gayundin ang mga kritisismo at hinaing ng mamamayan sa prosesong elektoral sa US ay nagbunsod ng malawak na a kalituhan at kaguluhan ng takbo ng pulitika doon.

Ganoon na lamang ang pukpuhan ng Republican at Democratic Party dahil ang pinagpapasyahan ay kung sino ang magiging kinatawan at tagapangasiwa ng estado ng monopolyong burgesya sa US. Subalit kung tutuusin, bagamat may ilang pagkakaiba sa paraan at mga patakaran, nagkakaisa ang dalawang partido sa lahat ng pangunahing patakaran ng malaking burgesya laban sa proletaryo at mamamayang Amerikano at tungo sa lalong pagpapasidhi ng imperyalistang pang-aapi sa mamamayan sa buong mundo.

Sa larangan ng kalakalan, kapwa nanawagan ang dalawa para sa ibayong "globalisasyon". Buung-buo ang kanilang pagsuporta sa North America Free Trade Agreement at sa mga pang-ekonomyang blokeng pinaghaharian ng US. Kapwa silang nanawagan para sa pagbubukas ng pamilihan ng Tsina upang malayang makapagtambak ng sobrang produkto mula sa US. Nagkakaisa rin silang maglaan ng subsidyo sa mga produktong agrikultural kahit labag sa GATT, upang maibaba ang presyo nito at patayin ang lokal na sektor ng agrikultura ng Tsina at iba pang bansang pinagtatambakan nito.



Bagamat mas agresibo ang tono ni Bush hinggil sa patakaran ng panlabas ng kanyang magiging administrasyon, pareho ang kanilang magiging pakititungo sa North Korea, Iraq, Russia, Palestine at iba pang estadong itinuturing ng imperyalismong US na "nakababahala".

Nagkakasundo silang ibayong palakasin ang kanilang militar upang epektibong "makapagpulis" sa mundo, supilin ang mamamayan at estadong sumusuway sa mga imperyalistang dikta at muling pagkalooban ng bilyong dolyar na mga kontrata ang malaking negosyong industriyal-militar. Walang pagkakaiba ang kanilang patakaran ng pang-uupat, panggugulo at lantarang panghihimasok sa mga bansang nakataya ang kanilang imperyalistang interes.

Bilang mga kinatawan ng monopolyong burgesya ng US, todo-todong sinusuportahan ng dalawang partido ang mga dambuhalang monopolyong korporasyon sa pamamagitan pangunahin ng pagbawas sa buwis habang pinaiiting ang pagsasamantala ng mga ito sa proletaryong Amerikano at mga inaaping mamamayan sa buong mundo.

Sa pangkalahanan, walang iminumungkahing malaking paglihis ang dalawang partido sa kasalukuyang patakaran ng administrasyong Clinton. Parehong kinikilala ng dalawa ang "walang kaparis" na pag-unlad ng ekonomyang US at kapwa nilang ipinapangako sa mamamayan na patuloy nilang itataguyod ang mga patakaran ngagbunsod dito. Ito ay sa kabilang katotohanang palalim nang palalim ang krisis na ibinunga ng mga ito at dumaranas ng masidhing karukhaan ang bilyun-bilyong mamamayan hindi lamang sa US kundi pati sa mga neokolonya nito. AB

◀ sa lahat ng maka-imperyalistang patakaran ng "globalisasyon". Kailangan ding kagyatna muling bilhin ng gubyerno ang isinanla na nitong mga pampublikong korporasyon katulad ng mga nagbibigay ng

serbisyon edukasyon, kalusugan, patubig at iba pa.

Malinaw sa mga lumalabang kawani ng gubyerno na bahagi lamang ng pangkabuuang iginigiit ng mamamayan ang kanilang mga

ipinapanawagan. Tungo rito, kaisa ang mga manggagawa sa pampublikong sektor ng lahat ng inaaping sektor sa lipunan sa panawagan para sa pambansang pagbabago sa balangkas ng tunay na demokrasya. AB


Pagpapaigting ng anti-imperialistang pakikibaka sa Korea

Naantabayanan ng buong mundo ang tagumpay ng proseso ng makasaysayang reunipikasyon o muling pag-iisa ng bansang Korea matapos ng halos 52 taong pwersahang paghihiwalay dito ng imperialismong US. Noong Hunyo, naganap ang istorikong pagpupulong nina Kim Jong Il, pinuno ng Democratic People's Republic of Korea (DPRK) o North Korea at Kim Dae Jung, presidente ng Republic of Korea (ROK) o South Korea, kung saan binuo ang kasunduang tapusin na ang digmaan sa kanilang pagitan at burahin ang linyang humahati sa nagkakaisang mamamayan ng dating iisang Korea.

Sadyang kapuri-puri ang pagpupursige ng mamamayan ng Korea para sa reunipikasyon. Isang malaking hamon ang mapagkaisa ang pinakamalawak na bilang ng mamamayang Koreano upang harapin at igtawan ang lahat ng balakid sa pagbubuo ng isang bansang tunay na malaya sa imperialistang panghihimasok.

I sang dambuhalang balakid sa masalimuot na proseso ng reunipikasyon ang todo-todong pakikialam dito ng imperialistang US sa pamamagitan ng papet nitong gubyerno sa South Korea. Masugid na tinatangka ng US na magkaroon ng mayor na papel sa mga usapang pang-reunipikasyon upang pagsilbihin sa imperialismo ang muling pagbubuo ng bansang Korea.

Agresibong nagsasagawa ng diplomikong hakbangin ang US sa pamamagitan ni US Secretary of State Madeleine Albright. Kabilang sa iginigiit ng US ang pagpapatigil ng North Korea sa independyenteng programa nito sa *missile development* sa ngalan umano ng "kapayapaan" at "malasakit sa kaligtasan ng sangkatauhan". Dahil sa militanteng anti-imperialistang paninindigan ng North Korea, itinuturing ito ng US bilang isang seryosong banta sa pananatili ng dominasyon ng US ►



Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig noong 1945, hinati ng imperialistang US sa 38th parallel ang Korean Peninsula sa hilaga (Soviet occupation zone) at timog (US occupation zone) upang pangasiwaan ang pagsuko ng mga tropa ng kolonyalistang Japan. Nabigo ang US na impluwensyanang North Korea na kagyat nang naghanda para sa pagtatayo ng demokratikong gubyernong bayan. Pagsapit ng 1948 ay tuluyan nang idineklara ng anti-imperialistang North at maka-kapitalistang South Korea ang dalawang magkahiwalay at nagkakaibang estado.

Sa layuning pagharian ang buong Korean Peninsula at gawin itong balwarte ng anti-komunistang estratehiya, inarmasan ng US ang ROK Army ng South Korea makabagong kagamitang pangmilitar, pinaigting ang mga pagsasanay at inudyok ang mahigit sa 2,000 probokasyon laban sa North Korea noong 1949. Noong Hunyo 25, 1950, sorpresang inatake ng US ang DPRK at pumutok ang digmaan sa pagitan ng North at South Korea na tumagal hanggang 1953.



MGA BALITA SA PAKIKIBAKA

4 NA CAFGU SUGATAN SA AMBUS SA SURIGAO

Apat na elemento ng Citizens' Armed Forces Geographical Unit (CAFGU) ang sugatan nang tambangan sila ng mga mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa pagitan ng Km. 61 at 62 sa Tago, Surigao del Sur nitong Nobyembre 25. Ang mga CAFGU ay bahagi ng *convoy* ng mga armadong *escort* ng Surigao Development Corporation, isang kumpanya sa pagtotroso. Ligtas na umatras ang BHB pagkatapos ng 10-minutong labanan.

PUSAKAL NA MANINIKTIK, PINARUSAHAN SA ISABELA

Pinarusahan ng mga Pulang mandirigma sa ilalim ng Benito Tesorio Front (BTF) ng Isabela ang pusakal na maniniklik na si Jose 'Bianong' Portuges sa Barangay Narra, Echague, Isabela noong Nobyembre 6. Ayon sa ulat koresponsal mula sa BTF, ang pagpaparusa ay

► sa hilagang-silangang bahagi ng Asia. Ito ang dahilan kung bakit inokupa ng US ang South Korea noong 1945 at hanggang ngayo'y nagmamantine rito ng may 40,000 tropa (sa 100,000 sa buong Asia).

Habang matatag na pinanghahawakan ng North Korea ang karapatan nito sa *missile development*, patuloy naman itong ginagamit ng imperyalistang US upang gipitin ang North Korea tungo sa pagbitaw nito sa anti-imperyalistika at sosyalistang paninindigan.

Sa kabilang ng mga imperyalistang maniobra, matagumpay na naisusulong ng mamamayan ng Korea ang mga panimulang hakbang para sa muling pagbubuo ng Peninsula. Hakbang ito tungo sa pagbuklod ng sambayanang hinati ng imperyalismo at pagbasag sa blokeyong pang-ekonomya ng imperyalistang US laban sa North Korea.

Isang kongkretong bunga ng pagpupulong ng mga pinuno ng dalawang Korea ang muling pagkikita noong Agosto at nitong Nobyembre ng tig-100 pamilyang kabilang sa libu-libong pinaghiwa-hiwalay ng ininstiga ng US na Korean War noong 1950-53.

Gayundin, ang kasalukuyang muling-pagdudugtong ng riles (Kwongui Railway Line) na bunga rin ng kasunduan ng North at South Korea ay isa pang hakbang

alinsunod sa hatol ng hukumang bayan sa maraming napatunayang kasalan ni Portuges sa rebolusyonaryong kilusan at mamamayan. Ilan sa mga ito ang pagpapakubkob sa yunit ng BHB noong 1975 sa Barangay Villa Rey, Echague na ikinamatay ng dalawang kasama na sina William Begg Jr. (Ka Benjie) at Ka Emy; pagpapakubkob sa isang sandatahang yunit pampropaganda noong 1985 sa Villa Rey, Echague na nagresulta sa labanan. Nakaatras ang BHB subalit binalinan ng militar ang tatlong magsasaka. Isa ang namatay at dalawa ang sugatan; pagpapakubkob sa pinagbabasehan ng isang yunit ng BHB noong ika-30 ng Hunyo; pagnanakaw ng kalabaw sa iba't ibang barangay ng Echague; at paggiya sa mga operasyong inilulunsad ng AFP.

Pinuri ng mga mamamayan sa lugar ang matagumpay na pagpaparusa kay Portuges.

MGA AKSYONG PAGPAPARUSA, INILUNSAD

Apat na aksyong pagpaparusa ang inilunsad ng BHB sa Nueva Ecija, Batangas, Leyte at Sorsogon ngayong

na tiyak na magpabilis at magpapaunlad sa pang-ekonomya at pangkulturang palitan sa pagitan di lamang ng dalawang Korea kundi ng iba pang bansa sa Asia at Europe.

SAMANTALA, papalakas ang sigaw ng mamamayan ng South Korea laban sa pananatili rito ng ilampung libong pwersang militar ng US. Noon lamang Mayo ay sunud-sunod na mga demonstrasyon ng mamamayan ng South Korea ang naggiit sa pagbasura sa kasunduang militar sa pagitan ng pamahalaan nila't ng US, hiningi ang paumanhin ng US sa mga krimen ng mga sundalo laban sa mamamayan at ang mismong paglisan ng mga tropang Amerikano. Gayundin, ang mga manggagawa, magsasaka, kababaihan, kabataan at iba pang aping sektor sa South Korea ay ibayong nakikibaka upang wakasan ang paghahari rito ng US at ng mga lokal na papet at reaksyunaryo.

Ang panimulang pagsasakatuparan ng mga pag-uusap para sa reunipikasyon sa pagitan ng mga pinuno ng dalawang Korea ay isang tagumpay ng puspusang pakikibaka ng mamamayan laban sa imperyalistang dominasyon. Ang anti-imperyalistang kilusan kapwa sa North at South Korea ang makapangyarihang tagapagbuklod ng mamamayan ng Korean Peninsula. AB

Nobyembre.

Sa Nueva Ecija, sinilaban ng BHB ang dalawang pampasaherong bus ng Autobus at isang bus ng Victory Liner sa kahabaan ng Maharlika Highway sa Barangay Puncan, Carranglan. Ang dalawang Autobus, na pagmamay-ari nina Irene at Gregorio Araneta III, anak at manugang ng yumaong diktador na si Marcos, ay patungong Maynila. Kasalubong nito ang bus ng Victory Liner na patungong Isabela, nang kapwa harangin ng mga Pulang mandirigma upang parusahan sa di nito pagbayad ng karampatang rebolusyonaryong buwis.

Bago nito, pinarusahan ng BHB ang hepe ng pulisya ng Nampicuan, Nueva Ecija nitong Nobyembre 27. Si P/Sr. Insp. Romeo Pillonar ay isa sa mga responsable sa pagpatay sa walang kasama sa Barangay Palestina, San Jose City noong 1995. Apat sa mga kasamahan ni Pillonar ay naparusahan na rin ng BHB.

Sa Batangas, pinarusahan ng mga mandirigma ng BHB ang JAC Liner sa pamamagitan ng pagsunog sa isang *airconditioned* na bus ng kumpanya nitong Nobyembre 23 sa bayan ng Sto. Tomas. Ang pagpaparusa ay isinagawa dahil sa patuloy na hindi pagtalima ng JAC Liner sa patakaran ng rebolusyonaryong kilusan hinggil sa pagbubuwis. May isa na ring bus ng kumpanya ang sinunog ng BHB noong Pebrero 1999.

Sa Leyte, hinirang at sinunog ng mga Pulang mandirigma sa ilalim ng Mt. Amadewin Command (North Leyte Front) ang isang sasakyang Philippine National Oil Company (PNOC) sa Sityo Km. 14, Barangay Masaraya, Kananga nitong Nobyembre 21. Sa isang pahayag, ipinaliwanag ng BHB na pinarusahan ang PNOC dahil sa pagsupil ng kumpanya sa karapatan ng mga manggagawa nito. Nagbabala rin ang BHB laban sa dalawang upisyal ng PNOC na responsible sa marahas na pagbuwag ng welga ng mga manggagawa ng Leyte A Geothermal Project noong Oktubre. Ang

Leyte A Geothermal Project ay nasa pangangasiwa ng PNOC.

Sa Sorsogon, si Maximo Fonteverde, isang elemento ng CAFGU na aktibong nangangalap para sa militar ng impormasyon laban sa rebolusyonaryong kilusan, ang pinarusahan ng BHB nitong Nobyembre 27 sa Barangay Mapaso, Irosin.

PANGANGAMKAM NI COJUANGCO NG LUPA SA ISABELA, KINUNDENA

Kinundena ng Benito Tesorio Front (BTF) ng Isabela ang pangangamkam ng San Miguel Corporation (SMC) sa 100,000-ektaryang lupain na sumasaklaw ng limang bayan sa hilagang-kanluran ng lalawigan. Ang SMC ay pag-aari ni Eduardo ‘Danding’ Cojuangco Jr., ang pinakamalaking kroni ni Estrada. Ayon sa BTF, maraming magsasaka sa mga bayan ng Mallig, Quezon, Delfin Albano, Sto. Tomas at Sta. Maria ang kasalukuyang inaagawan ng lupa ng SMC, kakutsaba ang Department of Agrarian Reform (DAR), upang bigyang-daan ang itatayo ng SMC na plantasyon ng arina ng kamoteng kahoy (*cassava flour*). Magtatayo rin ng planta ng arina sa bayan ng Quezon.

Gayundin, binatikos ng BTF ang sapilitang pagbubuo muli ng CAFGU sa bayan ng Jones, Isabela. Ayon sa BTF, mayorya ng mga kapitan ng barangay sa Jones ang tumutol noong Setyembre sa pakana ng 5th ID at ng alkalde ng bayan na si Jesus Sebastian. Subalit nanaig sila nang takutin nila ang mga kapitan ng barangay at ipaulit ang botohan. Anang BTF: “Malinaw sa mga mamamayan na kakasangkapanin lamang muli ng AFP ang CAFGU sa programang ‘kontra-insurhensya’ nito, na dili iba’t kampanya ng terorismo laban sa mamamayan na nakatuon sa pagsupil sa kanilang mga demokratikong karapatan, pagsira sa kanilang kabuhayan, tahanan at ari-arian at pagkitil sa kanilang buhay”.

MGA KARAGDAGANG BALITA MULA SA LARANGAN

MULA SA REHIYON

NG ILOKOS- KORDILYERA

Sa isyung Oktubre 2000 ng *Ang Bayan*, ibinalita na isang sundalo ang namatay at apat ang sugatan nang ambisin noong Oktubre 21 ng Bagong Hukbong Bayan ang mga pwersa ng 17th IB ng Philippine Army sa Baay-

Licuan, Abra. Ayon sa pinakahuling ulat koresponsal mula sa Agustin Begnalen Command (BHB-Abra), apat na sundalo ang namatay at lima ang nasugatan sa naturang ambus. Ang tinambangang pwersa ng kaaway ay bahagi ng isang *convoy* na

kinabibilangan ng isang tangke, dalawang *six-by-six* na trak at isang Kennedy-type na dyip na maglulunsad ng operasyon sa Hilagang Abra. Walang kaswalty sa panig ng iskwad ng Agustin Begnalen Command na nagsagawa ng ambus.

Bago nito, inambus na rin ng Alfredo Cesar Command (BHB-Ilocos Sur) noong Hulyo 28 ang mga tropa ng 17th IB na noo'y nag-ooperasyon sa bayan ng Candon. Anim na sundalo ang namatay at dalawa ang sugatan sa naturang pananambang. Isang Pulang mandirigma ang nasawi sa labanan.

Ibalita rin sa parehong isyu ng **AB** na isang sundalo ang namatay at isa ang sugatan sa ambus ng BHB laban sa mga tropa ng 19th Special Forces Coy ng Philippine Army noong Oktubre 2 sa Bontoc, Mountain Province. Ayon sa karagdagang mga ulat koresponsal mula sa Leonardo Pacsi Command (BHB-Mountain Province), isang *sniping operation* ang isinagawa laban sa platoon

ng Special Forces na noo'y nag-ooperasyon sa Bundok Amongaw, Baryo Mainit. Namatay din sa ospital ang sundalong nasugatan sa isnayping. Isang M14, mga bala nito at dalawang pak ang nasamsam mula sa operasyon.

Sa tindi ng demoralisasyon at labis na takot ng Special Forces, gabi na nang bawiin nila ang kanilang mga kaswalti kahit alas-7:30 ng umaga pa isinagawa ang isnayping at malayo nang nakamaniobra ang mga Pulang mandirigma. Isa't kalahating oras na nagpapaputok ang mga sundalo kahit wala na silang kalaban bago tumungo sa Baryo Mainit upang gawing pananggalang ang mga sibilyan. Anim na araw din ang kanilang pinalipas bago maglunsad ng operasyon para tugisin ang BHB. **AB**

MULA SA HILAGANG MINDANAO

Ibinalita sa isyung Oktubre 2000 ng **AB** na isang reyd lang inilunsad ng BHB noong Oktubre 17 laban sa isang detatsment ng CAFGU sa Barangay Policarpio, San Luis, Agusan del Sur kung saan isang sundalo at tatlong CAFGU ang napatay. Ayon sa pinakahuling ulat koresponsal mula sa **Ang Kalihukan** (pahayagang masa sa Hilagang Mindanao), ang reyd ay isinagawa bandang alas-8 ng umaga noong Oktubre 16 ng isang platoon ng BHB. Bukod sa mga iniulat na kaswalti sa panig ng kaaway, isang CAFGU ang sumurender at dalawa ang tumakbo. Nakumpiska mula sa reyd ang walong garan na may 462 bala at 46 na *clip*; apat na M14 na may 148 bala at 10 magasin; isang M203 na may siyam na bala; isang M16 na may 210 bala at 17 magasin; isang karbin na may 10 bala at isang magasin; limang 81-mm na mortar; 18 pares ng *combat boots*; siyam na *combat vest*; pitong pak; iba pang kagamitan militar at mga dokumento.

Bago nito, isang reyd, isang ambus at isang aksyon pagpaparusa ang isinagawa ng BHB sa Hilagang Mindanao mula Agosto hanggang Setyembre.

SETYEMBRE 17, BANDANG HATINGGABI. Isang iskwad ng BHB at isang tim ng milisyang bayan ang sumalakay sa detatsment ng PNP City Mobile Group (CMG) sa Purok 6, Bit-os, Butuan City. Isang pulis ang nasugatan samantalang nagsitakbuhan ang iba patungong Agusan River. Nakumpiska sa 10-minutong reyd ang dalawang 9 mm na pistola at anim na magasin nito na puno ng bala; isang *ammunition belt* para sa M14; at dalawang VHF

handheld radio. Sinalakay ang detatsment upang parusahan ang CMG sa ginagawa nitong pangungurakot at pangungulekta ng tong mula sa mga maralitang nagtitinda ng panggatong at iba pang kalakal. Ayon sa **Ang Kalihukan**, ang reyd ay ikinatuwa ng masa, laluna yaong mga nabiktima ng CMG. Malaking dagok din ito sa kaaway dahil malapit lamang ang detatsment sa mismong sentro ng Butuan City.

SETYEMBRE 12. Inambus ng isang iskwad ng BHB ang isang pito-kataong iskwad ng Philippine Army at CAFGU na nagpapatrulya sa baybayin ng ilog sa Purok Balatakan, Sityo Calamboyan, Ginabsan, Buenavista, Agusan del Norte. Napatay ang isang sundalo at isang CAFGU samantalang kumaripas ng takbo ang kanilang kasamahan. Dahil sa ambus, hinugot ng militar ang kanilang *cadreman* na namamahala sa CAFGU bilang parusa at ibinimbin sa *barracks* ng 401st Brigade ng Philippine Army.

AGOSTO 10. Pinarusahan ng isang iskwad ng Jabbar "Salipudan" Hocad Mandahinog Command (isang yunit ng BHB na kinabibilangan ng mga mandirigmang lumad) si Datu Mandedli sa Kanagaan, Cabanglasan, Bukidnon. Si Datu Mandedli, na isang impormer at myembro ng Tribal Council na itinatag ng reaksyunaryong gubyerno, ay isa sa mga utak sa karumal-dumal na pagpaslang sa mag-asawang Pulang mandirigma na sina Felisa Baylosis (Ka Joy) at Venacio Cogollodo (Ka Sanag). Ang dalawa ay pinugutan ng ulo noong Pebrero 8 sa Catalawan, Cabanglasan, Bukidnon at sinunog ang kanilang mga bangkay. **AB**